Alicia | Angadanan | Cabatuan | Cauayan City | Cordon | Echague | Jones | Luna | Ramon
Reina Mercedes | San Agustin | San Guillermo | San Isidro | San Mateo | Santiago City

ElektriKoop News

# SILAW TI ISABELA

IKALAWANG ISYU 2020



# Mga *Sundalo ng Pailaw*, Pinarangalan sa *House of Representatives*

Mahigit pitong daang (700) Sundalo ng Pailaw mula sa 121 Electric Cooperatives sa bansa ang binigyang parangal sa Session Hall ng House of Representatives, Quezon City noong ika-17 ng Pebrero 2020. Ito ay bilang pagkilala sa kanilang determinasyon at walang pag-aalinlangang serbisyo para sa agarang pagpapanumbalik ng elektrisidad sa mga rehiyon na sinalanta ng bagyong Tisoy at Ursula.

Ang mga lineman na ito ang kumakatawan sa Power Rapid Restoration Deployment Task Force (PRRD-TF) na ipinapadala sa mga lugar na matinding naapektuhan ng kalamidad katulad ng bagyo at lindol. Dito ipinapakita ng iba't ibang Electric Cooperatives sa bansa ang pagkakaisa o "bayanihan spirit" upang mapanumbalik ang tuluy-tuloy na suplay ng kuryente sa mga kabahayan sa pinakamabilis na panahon.

Kabilang sa mga pinarangalan ang labing-isang linemen mula sa ISELCO Uno na tumulong sa Bicol Region noong Disyembre 2019 at January 2020 na sina: Mr. Irving M. Paringit, Mr. Tirzo P. Haboybon, Mr. Robert A. Juan, Mr. Ricky Q. Taña, Mr. Erning Rommel G. Basco, Mr. Ramilo B. Manandig, Mr. Gerald F. Flores, Mr. Rexxi A. Taña, Mr. John U. Rey Ogoy, Mr. Elpidio F. Raspado, Mr. Johnny T. Sunio, Mr. Jose P. Garcia III, Mr. Von C. Bryan Dasig, at Mr. Roberto Felix V. Mendoza, Jr.

Ang pagbibigay pugay sa mga sundalo ng pailaw ay pinangunahan ng Power Bloc Party-Lists na PHILRECA, Ako Padayon Pilipino, APEC, at RECOBODA.




# TALE of GENUINE DETERMINATION

*"Women have the unique power of being able to look at the world's problems and discover solutions that transform lives and make the world a better place." - Dr. Ayanna Howard*

*ISELCO-I's Dir. Analisa B. Lantican, born on July 23, 1972, second of seven (7) siblings, married to Mr. Vincent Lantican, is recognized for being unstoppable, fierce, ambitious, and undeniable in her capabilities, not because she did not have failures or doubts, but because she continued on by embracing her dreams and building her own self to make things better.*

*After graduating from Northeastern College with a Bachelor's Degree in Nursing, she pursued her passion for food. The stage of developing leadership for her began when she was a Restaurant Manager, where she was able to see the differences of workers - their weaknesses and strengths. She served as Restaurant Manager at McDonald's Corporation San Mateo Office from 1985 to 2002 and Al-Mancal Restaurant, Sana'a, Yemen from 2003 to 2006. She said, "Being far from the people you love is one of the hardest challenges in life, but all sacrifices and pain serve as stepping-stones to greatness."*

*Having the desire to serve her country, she went back to the Philippines and served as Barangay Treasurer of Victoria, Alicia, Isabela from 2011 to 2018. Through hard work and perseverance, she was able to put up her own restaurant in Aurora, Alicia, Isabela. As she continued on, leadership challenged her with failures and struggles which knocked her down, but still, she stood her ground and faced them all. It served as her inspiration to lead different organizations and raise her only child who is studying at Top Achievers Private School (TAPS), one of the leading schools in Isabela.*



*With her undeniable aspiration to serve more people, she ran for directorship, was elected as, and currently a Board of Director representing District V-Alicia on February 9, 2019 empowering Member-Consumer-Owners (MCOs) to collaborate with the Cooperative's programs and activities. Due to her good governance and approachable manners, she was called "Ateng Lisa". She proved that the voice of women defined with extreme commitment can help people build the best version of themselves. Leadership for her is a passion and she believes that difficult roads often lead to beautiful destinations.*

*An example of true leadership, Dir. Analisa B. Lantican commits herself to continue the strong tie that unites the MCOs and ISELCO-I. She once said thet leading isn't about waiting for the storm to pass, it's about learning to dance in the rain, and walk through the rainbow of life.*

# GM Montano, muling nahalal na Direktor ng REFC





Sa ikalawang pagkakataon, muling nahalal na miyembro ng Lupon ng mga Direktor ng Rural Electrification Financing Corporation (REFC) ang General Manager at Chief Executive Officer ng Isabela I Electric Cooperative, Inc. (ISELCO-I) na si Engr. Virgilio L. Montano noong ika-17 ng Oktubre 2019.

Ang REFC ay itinatag noong taong dalawang libo sa pamamagitan ng isang Memorandum of Agreement sa pagitan ng National Electrification Administration (NEA), Philippine Rural Electric Cooperatives Association, Inc. (PHILRECA), at National Rural Electric Cooperative Association (NRECA) upang magsilbing alternatibong financing institution ng mga electric cooperative sa bansa.

Masaya si GM Montano sa muling pagkakahalal dahil para sa kanya, karangalan ang maging parte ng isang organisasyong nakatutulong sa pag-unlad ng mga electric cooperative sa bansa.

# EMPLOYEE TRAINING AND DEVELOPMENT, KAHALAGAHAN NITO



Ang National Electrification Administration, na namumuno sa isang daan dalawampu't isang (121) electric cooperative (EC) sa bansa, ay naniniwala sa kahalagahan ng training, kaya naman ginawa nitong mandato na bawat isang kawani ng lahat ng mga EC sa bansa ay dapat sumailalim sa dalawa o higit pang training bawat taon.

Employee Training and Development ang tawag sa tuloy-tuloy na pagpapayaman ng skills o kasanayan sa pamamagitan ng trainings at seminars na akma sa gawain ng empleyado sa kumpanya. Ang pananatili sa unahan ng iyong industriya sa usapin ng kaalaman at kahusayan ay hindi na lang itinuturing na kalamangan, bagkus ito ay kailangan.

Ang mga kawani ng isang kumpanya ang itinuturing na pinakamahalagang asset nito. Ang kahusayan ng empleyado ng isang kumpanya ay proporsyonal sa pagiging produktibo. Mahalaga ang pagsasanay para sa kaunlaran at tagumpay ng organisasyon maging sa survival nito.



Republic of the Philippines

# House of Representatives

Quezon City, Metro Manila

## TOWARDS TOTAL RURAL ELECTRIFICATION: PHILRECA PARTY-LIST'S ADVOCACY

Championing the advocacy of total rural electrification, PHILRECA Patry-list has landed a seat in the 18th Congress of the Philippines with its first nominee, Presley De Jesus, as the flag bearer of the movement. The legislator, along with the other representatives of the Power Bloc, has since lobbied for numerous laws for the benefit of the rural electrification sector.

While serving the Filipino people in the House of Representatives, Cong. Presley De Jesus continues to be the Board President of Isabela I Electric Cooperative, Inc. or ISELCO-I affirming his affinity and his commitment to the progress of electric cooperatives and member-consumer-owners. He is also the President of the Philippine Rural Electric Cooperatives Association, Inc. (PHILRECA) which has served as the guardian of electric cooperatives against the numerous challenges that threatened cooperatives' existence.

Less than a year in Congress, Cong. Presley De Jesus has already been appointed as a member of the Joint Congressional Energy Commission (JCEC) and as Vice Chairman of three important House Committees namely, (1) Committee on Energy, (2) Committee on Land Use, and (3) Committee on Disaster Management. He is also a member in 11 equally pertinent House Committees.

Cong. De Jesus, along with the Power Bloc and the One EC-MCO Movement, believes that as the country transitions to the digital age, the universal access to energy has become increasingly important now, more than ever. In pursuit of the movement's advocacy, the lawmaker has lobbied for legislative measures that will help strengthen rural electrification and rural development. Pertinent legislative measures filed include (1) the Strengthening the National Electrification Administration by converting it into an "Authority"; (2) the Amendment of Republic Act 9136, otherwise known as the EPIRA; (3) the Creation of the Mindanao Power Corporation; and (4) the Magna carta for workers in the energy sector.

Apart from working on legislative measures, Cong. De Jesus actively reaches out to communities in need. In December 2019, the Congressman, along with PHILRECA, lead the Power Restoration Rapid Deployment Task Force which aimed to assist in the restoration of power lines and other infrastructures in areas devastated by Typhoon Ursula and Typhoon Tisoy. Moreover, Cong. De Jesus also spearheaded relief missions to the electric cooperatives in Batangas during the eruption of Taal volcano earlier this year.

Cong. De Jesus unconditionally supported the Pantawid Liwanag Program, a corporate social responsibility of PHILRECA in cooperation with NAGMEC (National Association of General Managers of Electric Cooperatives) and the 121 Electric Cooperatives. This program has undoubtedly provided the necessary support of marginalized member-consumer-owners amidst the declining financial capacities of the Filipino people as an effect of the COVID-19 pandemic.

Cong. Presley De Jesus of PHILRECA Party-list is now a full-time public servant with lifelong advocacy of leading the people to a brighter future. As the Philippines seeks to move on to the New Normal, Cong. Presley De Jesus continues to lobby for total rural electrification so that every single Filipino can move forward towards "a rising standard of living, and an improved quality of life (Section 9, Article II, Constitution of the Republic of the Philippines)."




# Kauna-unahang CSR Seminar, Idinaos sa Kooperatiba

Matagumpay na isinagawa ang Corporate Social Responsibility (CSR) Seminar sa ISELCO Uno noong ika-24 ng Pebrero na dinaluhan ng mga kawani ng Kooperatiba partikular ang mga Consumer Welfare Officers, SAMAKO Officers, Branch Supervisors, ISD personnel, Department Managers, at miyembro ng Hunta Direktiba.

Ang nasabing hakbang ay ginanap bilang pagpapalalim sa kaalaman ng mga kawani ukol sa pagbuo at pagpapanatili ng CSR sa Kooperatiba lalo na ngayong ang ISELCO Uno ay hindi na lamang nakatuon sa paghahatid ng elektrisidad sa mga member-consumer-owners kundi pati na rin sa pagbibigay ng iba pang programang makatutulong na maiangat ang antas ng pamumuhay ng bawat miyembro-konsumidores nito.

Nagsilbing facilitator si Mr. Marcelino "Doc Mark" Gapultos, dating International Civil Servant Management Specialist ng Southeast Asian Ministers of Education Organization at kasalukuyang Organization Development Strategist ng LGU - Roxas, Isabela.

Sa kaniyang pananalita, tinuran ng General Manager at CEO ng Kooperatiba na si Engr. Virgilio L. Montano na napakalaking tulong sa Kooperatiba ang ginanap na seminar at umaasang patuloy pa ang pagdaos ng ganitong uri ng gawain upang higit pang mapalakas ang mga kawani ng ISELCO Uno.















# Christmas Program 2019

Liwanag ay sisinag sa pamilyang nagsama-sama at nagkakaisa ang tema ng ISELCO-I sa Christmas Program and Family Day noong 14 Disyembre 2019.

Sinimulan ang pagdiriwang sa pamamagitan ng isang misa bilang pasasalamat sa lahat ng mga napagtagumpayan ng Kooperatiba sa taong 2019. Nabigyan din ng pagkakataon ang mga Department Managers at Branch Office Supervisors na malapit nang magretiro na magbigay ng kani-kanilang mensahe sa Kooperatiba at katrabaho:

**MS. ELENITA V. MEDRANO**
ETSD Manager

**MR. VICENTE B. DEL ROSARIO, JR. CPA**
AOMD – South Manager

**MS. ESTRELLA M. ANDRES**
San Mateo Branch Supervisor

**MS. FELINA C. SALVADOR**
Angadanan/San Guillermo Branch Supervisor

Sari-saring paskong himig naman ang napakinggan mula sa mga empleyado ng ISELCO-I na pinangunahan ng Transformer Band sa APEC-MCO Multi-purpose Building.

Nagtagisan ng bilis at diskarte ang mga empleyadong nakilahok sa inihandang palaro ng Kooperatiba na napuno ng malalakas na sigawan bilang suporta sa mga manlalaro at halakhak mula sa mga manonood ang lugar. Umindak naman ang mga manonood sa inihandang paglalahad ng iba't ibang kagawaran ng ISELCO-I sa pagsasayaw at pagkanta.

Napuno ng kasiyahan ang pagdiriwang ng ISELCO-I Christmas Program.











# Himig ng Puso Concert

Isang konsiyerto ang idinaos noong ika-14 ng Pebrero 2020 sa ISELCO-I APEC-MCO Multi-purpose Building bilang pagdiriwang sa Araw ng mga Puso na dinaluhan ng mga kawani ng Kooperatiba kasama ang kanilang mga pamilya.

"Himig ng Puso Concert: A fund raising activity of SILAW-LMC – For a cause a Heart can share" ang naging tema ng okasyon kung saan ay iba't ibang klase ng tugtugin ang napakinggan na hatid ng ISELCO-I Transformer Band na nag-udyok sa mga kawani sa masayang sayawan at kantahan. Bago pa man matapos ang gabi ay hinirang na "Mr. & Mrs. Valentine 2020" at tumanggap ng sash at korona sina Mr. Julius Cailer at ang kaniyang asawa na si Mrs. Marissa A. Cailer. Samantala, hinirang naman sina Ms. Christine Sinagose at Mr. Adrian Macapagal bilang "Best Dressed Couple 2020" na tumutugma sa tema ng programa.

Naging matagumpay ang okasyon sa tulong ng bawat isa at inaasahang ilalaan ang nalikom na salapi sa mga programa at proyekto na binubuo ng miyembro ng Labor Management Committee (LMC) para sa ISELCO-I Foundation at Corporate Social Responsibilities (CSR) ng Kooperatiba.

Naging daan din ang konsiyerto sa pagpapakita sa lahat ng dumalo kung ano nga ba ang tunay na diwa ng Araw ng mga Puso.

# Alicia 20MVA Substation, Branch Office, and Drive-Thru Groundbreaking Ceremony

Sa nakalipas na taon, marami na ang pagbabago sa ating nasasakupan at kaloob nito ang pag-usbong ng ating konsumidores. Sa kadahilanang ito, ang Isabela 1 Electric Cooperative, Inc. (ISELCO-I) ay patuloy na nagsasagawa ng mga programa at proyekto upang mapabuti ang paghatid o pagdeliber ng mahusay at maayos na serbisyo ng kuryente sa bawat mamamayan ng ating nasasakupan. Isang patunay dito ang pagpapatayo ng panibagong branch office at substation na matatagpuan sa Barangay Paddad, Alicia. Sa katunayan ay naganap na ang groundbreaking ceremony noong ika-21 ng Pebrero 2020.

Maraming dumalo sa seremonya at kabilang na rito ang mga namumuno sa iba't ibang departamento ng ISELCO Uno na pinangungunahan ng General Manager at CEO na si Engr. Virgilio L. Montano. Dagdag pa rito ang mga Board of Directors ng iba't ibang bayan sa pamumuno ni Cong. Presley C. De Jesus ng PHILRECA Party-list, at ang panauhing pandangal na si Atty. Janeene Depay-Colingan, General Manager at Executive Director ng PHILRECA.




Naging matagumpay ang seremonya at inaasahang matatapos ang proyekto sa susunod na taon. Magsisilbi ang nasabing proyekto sa pagtugon sa mga pangangailangang serbisyong electrikal ng ating mga miyembro-konsumidores.



# ISELCO Uno, nagsagawa ng *MCO Masterlist Sanitation*

> **Ang impormasyon ay magagamit lamang kapag ito ay tama at napapanahon.**

Ito ay naaayon sa lahat ng programang institusyonal na kumakalap ng impormasyon sa pamamagitan ng masugid na pakikipanayam. Isa ito sa pamamaraan upang ma-update ang impormasyon para sa development ng Kooperatiba.




Ang Isabela I Elecric Cooperative, Inc. (ISELCO-I) ay nagsagawa ng taunang Sanitation Program o ang pag-update sa listahan ng mga konsumidores sa lahat ng barangay sa bawat siyudad at munisipalidad na nasasakupan nito. Ito ay isinagawa mula Hunyo hanggang Disyembre ng taong 2019 sa ilalim ng Consumer Management and Development Division ng Institutional Services Department sa pamumuno ng butihing ISD Manager, Agnes C. Ambrosio, DPA.



Ang pangunahing layunin ng programa ay upang malinis ang listahan ng mga lehitimong MCO, tanggalin ang mga naulit na pangalan, namayapa, o lumipat sa ibang lugar. Sa pamamagitan din ng programang ito, nagkaroon ng pagkakataong maibahagi ng mga empleyado sa mga konsumidores ang iba't ibang proyekto at programang isinasagawa ng Kooperatiba.

Bukod pa rito, ipinaaalam din sa Sanitation Program na mayroong tatlong uri ng membership: single membership, joint, at juridical.



Ang Sanitation Program ay matagumpay na naisagawa at naisakatuparan sa tulong ng mga project employees na siyang sumaliksik sa pangalan ng mga MCO.







# ISELCO-I Mortuary Assistance

Isa sa mga programa ng Kooperatiba ang pamimigay ng Mortuary Assistance na nagkakahalaga ng Tatlong Libong Piso (Php 3,000.00). Ito ay tulong na ibinibigay ng Kooperatiba upang makatulong at mapagaan ang problemang pinansiyal sa mga naiwan ng namayapang MCO, bilang pakikiramay at pagpapakita ng pakikipagkapatiran ng Kooperatiba.



Ang mga sumusunod ay ang mga kwalipikasyon upang makakuha ng nasabing benepisyo:

a. Death Certificate ng namayapang MCO
b. Marriage Certificate, kung ang asawa ang claimant
c. Birth Certificate ng claimant, kung siya ay anak ng namayapa
d. Dapat ay aktibong miyembro at walang pagkakautang sa kanyang power bills bago ito nasawi

Para sa madaliang proseso at maiwasang makadagdag sa pasanin ng MCOs, maaaring ibigay sa pinakamalapit na opisina ng ISELCO-I ang mga dokumentong kinakailangan at hindi ito lalagpas ng anim (6) na buwan mula sa pagkamatay ng isang miyembro, ito ay upang agarang maaksiyonan at maihatid ang tulong sa mga kamag-anak ng nasawi.

Ang Mortuary Assistance ay isa sa mga Corporate Social Responsibility (CSR) Program ng ISELCO-I na kung saan, sa oras ng pagdadalamhati ay mararamdaman ng mga konsumidores ang malasakit ng Kooperatiba at PHILRECA.

# *Road* WIDENING

Nasubukan mo na bang dumaan sa isang kalsadang pinaluwang na may mga poste ng kuryente na nakatayo pa din sa gitna ng bagong lagay na daanan?

Isa sa mga proyekto ng gobyerno sa kasalukuyan ang "road-widening" sa mga lansangan na may layuning sabayan ang mabilis na paglaki ng bilang ng populasyon ng mga sasakyan sa bansa na nagdudulot ng pagsikip ng daloy ng trapiko. Sa paraang ito, nais din ng gobyerno na linangin ang kaligtasan ng mga motorista na gustong bumiyahe sa ibang lugar.

At dahil sa proyektong ito, madaming mga imprastraktura ang maapektuhan konektado sa isang batas sa bansa na tinatawag na "The-Right-of-Way Act" o RA 10752. Kabilang na dito ang mga poste sa gilid ng mga dating kalsada ang maaapektuhan. Upang masolusyonan ang problemang ito, ang Kooperatiba ay nakiisa sa kasunduan ng DPWH at DOE na magtulungan upang ma-relocate ang mga posteng nakakasagabal sa pagpapaluwag ng kalsada.

Taong 2019, nagsimula nang magrelocate ng mga poste ang ISELCO-I upang hindi ito maging sagabal sa pagpapaluwag ng kalsada. Isa din sa mga rason ng paglipat ng mga poste ay ang proyektong paggawa ng drainage at kanal sa mga lansangan. Mga single phase at three phase na linya ang naapektuhan sa iba't ibang lugar ngunit mabilis ang aksyon ng Kooperatiba upang sa ganoon ay maihatid ng maayos ang daloy ng kuryente.

Hanggang ngayon, patuloy pa rin ang pakikiisa ng Kooperatiba sa gobyerno upang makatulong at mapanatiling maayos ang konstraksyon ng mga kalsada.

Background image source: Philippine Information Agency



# 100% MCOPE Organization, NAKAMIT NA!

Isang daang porsiyento nang organisado ang mga bayan na sakop ng ISELCO-I. Ito ay kinabibilangan ng labing-tatlong bayan at dalawang lungsod. Ang mga member-consumer-owner (MCO) sa nasabing bayan ay namili ng kani-kanilang opisyales na mamumuno sa programa sa kanilang barangay gayun din sa Municipal level bilang pagtugon at pagsuporta sa adbokasiya ng National Electrification Administration (NEA) na Member-Consumer-Owners Program for Empowerment o MCOPE.

Ang MCOPE ay naglalayong mapalakas ang ugnayan ng MCOs at electric cooperatives bilang magkaagapay sa pagbibigay impormasyon ukol sa mga programa, proyekto at plano ng Kooperatiba, gayundin, ang pakikilahok nila sa lahat ng mga gawain o aktibidades ng Kooperatiba.

Sa unang quarter ng taon ay matagumpay na ginanap ang organisasyon at eleksiyon ng MCOs sa natitirang bayan na kinabibilangan ng Cabatuan, Luna, Alicia, Echague, at lungsod ng Cauayan.

Sa pag-organisa ng MCOPE sa ibat-ibang barangay at munisipalidad, naging katuwang ng Institutional Services Department na pinamumunuan ng ISD Manager na si Ms. Agnes C. Ambrosio, ang mga Branch Office Supervisors, at mga Direktor ng Kooperatiba na sina Dir. Mark Lester R. Cadeliña (Cabatuan/Luna), Dir. Analisa B. Lantican (Alicia), Dir. Conchita M. Palencia (Cauayan City), Dir. Perlita S. Sibalon (Echague), at Dir. Eduardo S. Bayani (NEA Representative to the ISELCO-I Board) sa pagsulong ng nasabing programa.


Dahil sa estado ng MCOPE organization ng Kooperatiba, inaasahang magkakaroon ng EC-wide Summit, Regional at National Summit ang mga nahalal na opisyales ng MCOs sa susunod na mga buwan. Ang programang ito ay malaking tulong sa lahat ng MCOs ng ISELCO-I lalong lalo na sa malawakang pagbabahagi ng tamang impormasyon ukol sa operasyon at programa ng Kooperatiba.




Ang Coronavirus Disease 2019 ay isang uri ng nakahahawang sakit na kilala rin sa tawag na "COVID-19", "Coronavirus", "2019-nCoV", o "Novel Corona Virus". Unang natuklasan ang sakit na ito sa Wuhan, China noong Disyembre 2019. Mula China ay kumalat ito sa buong mundo kaya naman idineklara ito ng World Health Organization (WHO) na pandemya noong Marso 2020.

Ang karaniwang sintomas ng sakit na ito ay lagnat, ubo, sipon, at pamamaga ng lalamunan. Maaari itong magdulot ng mas malubhang karamdaman, hirap sa paghinga, pulmonya, at iba pang kumplikasyon. Maaring hindi makitaan ng sintomas ang isang taong nahawa ng Corona virus, sila ay tinatawag na "asymptomatic". Kadalasang naipapasa ang virus sa pamamagitan ng maliliit na patak kapag ang isang tao ay umubo, bumahing, o nagsalita ng malapitan. Maari din itong makuha kapag nahawakan ang isang kontaminadong bagay at ipinahid ang kamay sa mukha.

Sa kasalukuyan ay wala pang gamot o bakuna nito kaya't lubos ang paalala ng WHO at DOH na sundin ang mga patnubay sa kaligtasan at kalusugan upang maiwasan ito.




Scan this code or go to https://www.covid19.gov.ph
to see the latest Philippine updates on COVID-19

Sa aking pagpasok sa ISELCO-I, ito ang mga importanteng natutunan:

Una ay kailangan mong maging magalang at mabait sa lahat ng empleyado.

Pangalawa ay ang pakikitungo sa ibang tao dahil kailangan mong mag-adjust para sa pagkakaroon ng isang magandang relasyon sa kanila.

Pangatlo ay acceptance o ang pagtanggap sa mga pagkakamali at pag-ako sa mga kasalanan.

Minsan tayo ay matagumpay, minsan naman tayo'y nabibigo. Ang mga pagkakataong ito ang nagsisilbing hamon para sa akin upang maging isang mas mahusay na tao at lalo pang mapabuti ang aking sarili sa halip na mag-isip ng negatibong mga saloobin at itulak ang aking sarili paatras.

Panghuli ay ang pagkakaroon ng kaalaman at kasanayan upang pag-aralan ang bawat gawain na ibinibigay sa akin, at gawin ang mga ito ng may katapatan at pagmamahal sa trabaho.

- ARJULYN PALOGING
*Isabela State University, College of Computing Studies, Information and Communication Technology*

Isa akong mag-aaral na maraming pangarap sa buhay, isa dito ang makapagtapos ng pag-aaral. Maraming pagsubok ang haharapin bago makamit ang lahat, isang mahalagang karanasan para sa akin ang pagpasok ko sa ISELCO-I bilang isang On-the-Job Trainee (OJT).

Sa mga nakalipas na araw, marami akong natutunan tulad ng mga bagay na malapit sa aking puso at kaalaman sa larangan ng Information Technology. Ibinahagi nila na ang lahat ng kanilang kaalaman ukol dito.

Natutunan ko rin kung paano makisama at magpakita ng paggalang sa mga taong nakakasalamuha at nakapaligid sa akin, kilala ko man o hindi, at higit sa lahat tumanggap ng pagkakamali sa trabaho.

Sa ISELCO-I, hindi lamang kaalaman sa trabaho ang kanilang pinahahalagahan, kundi pati na rin ang pakikipagkapwa-tao at kung paano tumulong sa mga mas nangangailangan.

Bilang isang estudyante, isasabuhay at isasapuso ko ang lahat ng natutunan ko sa ISELCO-I.

- KIMBERLY A. RUMA
*Isabela State University, College of Computing Studies, Information and Communication Technology*




Ang pagpasok ko araw-araw sa ISELCO-I ay isa sa mga pinakamasayang pangyayari sa aking buhay. Palagi akong nakangiti at magalang na nakikisalamuha sa mga empleyado. Araw-araw mas nadadagdagan ang confidence ko sa aking sarili, maging sa aking mga ginagawa, dahil na rin sa tulong ng aking mga supervisor na nagbahagi ng maraming kaalaman sa larangan ng Information Technology at maging sa pagiging propesyonal.

Isang karangalan sa isang simpleng taong katulad ko na makapagtrabaho pansamantala sa isang malaking kooperatiba tulad ng ISELCO-I. Hindi ko malilimutan ang kasiyahang naramdaman ko maging ang mga nakasalamuha kong mababait at masayahing mga empleyado.

Alam kong pansamantala lang ang pamamalagi ko sa Kooperatiba, ngunit panghabang buhay kong panghahawakan at babaunin ang masasayang karanasan ko sa ISELCO-I.

- MONICA NOLASCO
*Isabela State University, College of Computing Studies, Information and Communication Technology*

# The Board of Directors

**DIR. PRESLEY C. DE JESUS**
President, District VIII - Santiago City

**DIR. BRENDON R. LAZARO**
Vice-President, District IX - Jones/San Agustin

**DIR. EDUARDO S. BAYANI**
Secretary, NEA Representative to the ISELCO- I Board

**DIR. CONCHITA M. PALENCIA**
Treasurer, District XI - Cauayan City

**DIR. NELSON P. MAÑALAC**
Member, District I - Angadanan/San Guillermo

**DIR. RODOLFO T. CRISTOBAL, JR.**
Member, District II - Ramon

**DIR. NELSON V. AGRUDA**
Member, District III - San Mateo

**DIR. SHARON S. GERVACIO**
Member, District IV - San Isidro

**DIR. ANALISA B. LANTICAN**
Member, District V - Alicia

**DIR. PERLITA S. SIBALON**
Member, District VI - Echague

**DIR. MARK LESTER R. CADELIÑA**
Member, District X - Cabatuan/Luna

# Vision

An excellent power service distributor in the archipelago focused on bringing delight to our member-consumer-owners.

# Mission

To deliver high quality electric service responsive to the changing consumer's demand.

# Corporate Values

Solidarity
Honesty
Professionalism
Discipline
Palabra De Honor
Generosity
God-centeredness

# The Management

**ENGR. VIRGILIO L. MONTANO, MBA**
General Manager & Chief Executive Officer

**AGNES C. AMBROSIO, DPA**
Manager, Institutional Services Department

**ENGR. ABRAHAM C. BALINGUE, MBA**
Manager, Technical Services Department

**ELENITA V. MEDRANO, MBA**
Manager, Energy Trading Services Department

**LEIZZA M. NIGUIDULA, CPA**
Manager, Finance Services Department

**MANILYN C. BALDOS, CPA**
OIC Manager, Internal Audit Department

**ENGR. ROGER B. JOSE, MEE**
Manager, North Area Operation Management Department

**ENGR. BONIFACIO A. BIBAT, JR., MBA**
Manager, South Area Operation Management Department



# The Editorial Board

EXECUTIVE editor ENGR. VIRGILIO L. MONTANO, MBA

AGNES C. AMBROSIO, DPA MANAGING editor

LEAD writer
PRESCIOUS ANN S. ORIA, MSCD

NEWS writers
MARLON O. SALINAS, MBA
JENNIFER S. MAGAOAY, MBA
ENGR. PRECIOUS GEM R. TAGANAS
NICOMAR R. GAOAT
ENGR. ROCHELLE V. GUMPAL
NARSON KARLO C. JAMES
JUNAR JADE S. QUIAOIT
HARRIS JC M. CAYABAN
FRANCES MICHELLE P. SALAZAR, RPh, RN

CHRISTINE M. SINAGOSE FEATURE writer

GRAPHICS editor & LAYOUT artist NICOMAR R. GAOAT

PRESCIOUS ANN S. ORIA, MSCD
FLORANTE A. GONZALES
PHOTOjournalists

THE BOARD OF DIRECTORS
Advisers

## ISELCO-I HOUR SCHEDULE

**BOMBO RADYO DZNC 801khz**
Cauayan City
1st Saturday of the Month
(11:45AM-12:00NN)

**DWDY-AM 1107khz**
Cauayan City
2nd Friday of the Month
(3:30-4:00PM)

**DWSI SONSHINE RADIO 864khz**
Santiago City
3rd Friday of the Month
(3:30-4:00PM)